

May sinuman sa inyong sambahayan ba ang tumatanggap ng mga benepisyong pamamagitan ng mga programa ng pamahalaan?

Benefit	Description
TANF o tulong na cash (<i>TANF or cash assistance</i>)	Ang programang Temporary Assistance for Needy Families (TANF) ay nagbibigay ng buwanang bayad sa cash na tulong sa mga pamilyang may mga anak na namumuhay na mababa ang kinikita.
Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Bata (WIC) [<i>Women, Infants, and Children (WIC)</i>]	Ang Programang Special Supplemental Nutrition para sa Women, Infants, and Children (WIC) ay nagbibigay ng masustansiyang pagkain at edukasyon sa nutrisyon para sa buntis, kapapanganak, at nagpapasusong mga babae, at mga sanggol at bata na hanggang 5 taong gulang na namumuhay sa mababang kinikita.
Panlipunang Seguridad (Social Security)	Ang Social Security ay nagbibigay ng buwanang pandagdag sa kinikita sa mga taong retirado, mga taong namumuhay na may kapansanan, mga naiwan ng mga manggagawang namatay, at mga dependiyente ng mga benepisyaryo.
Pandagdag na Seguridad sa Kinikita (SSI) [<i>Supplemental Security Income (SSI)</i>]	Ang Supplemental Security Insurance (SSI) ay nagbibigay ng buwanang kinikita para sa mga taong namumuhay na may mababang kinikita na 65 o mas matanda, o may kapansanan.
Insurance sa Seguridad sa Kapansanan ng Lipunan (SSDI) o mga bayad sa kapansanan [<i>Social Security Disability Insurance (SSDI) or disability payments</i>]	Ang Social Security Disability Insurance (SSDI or SSD) ay isang programa sa insurance ng pamahalaan na nagbibigay ng buwanang kinikita sa mga manggagawang namumuhay na may kapansanan at kanilang mga pamilya.
Medicare	Ang Medicare ay isang programa sa insurance ng kalusugan ng pamahalaan para sa mga tao na edad 65 o mas matanda, ilang mas bata na mga taong namumuhay na may kapansanan, at mga taong may End-Stage Renal Disease (permanenteng hindi maayos na paggana ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant, minsan tinatawag na ESRD).
Medicaid	Ang Medicaid ay isang programa sa insurance ng kalusugan ng publiko ng bansa para sa mga taong namumuhay na mababa ang kinikita.
Programang Insurance sa Kalusugan ng Kabataan (CHIP) [<i>Children's Health Insurance Program (CHIP)</i>]	Ang Children's Health Insurance Program (CHIP) ay isang programa sa insurance ng pamahalaan na nagbibigay ng kasaklawan sa murang kalusugan sa mga kabataan ng mga pamilya na kumikita ng labis na pera para maging kwalipikado para sa Medicaid ngunit sapat para bumili ng pribadong insurance. Sa ilang estado, ang CHIP ay sumasaklaw sa mga buntis na babae.
Walang bayad/binawasang presyo ng pagkain sa paaralan (<i>Free/reduced price school meals</i>)	Ang National School Lunch Program (NSLP) at ang National School Breakfast Program (SBP) ay nagbibigay ng mura o walang bayad na pagkain na balanse sa nutrisyon sa kwalipikadong mga bata sa bawat araw na may pasok sa paaralan.
Kredito sa Buwis ng Kinitang Kinikita (EITC) o iba pang mga kredito sa buwis na mairerefund [<i>Earned Income Tax Credit (EITC) or other refundable tax credits</i>]	Ang Earned Income Tax Credit (EITC) ay isang kredito sa buwis na matatanggap ng mga sambahayan na namumuhay na mababa ang kinikita kapag nag-file sila ng kanilang federal tax return.
Programang Tulong sa Enerhiya ng Bahay ng mga May Mababang Kinikita (LIHEAP) [<i>Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)</i>]	Ang Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP) ay tumutulong sa mga sambahayan na namumuhay sa mababang kinikita sa kanilang mga bayarin sa enerhiya ng heating at cooling.
Kawalang-trabaho (Unemployment)	Ang unemployment insurance (UI), na tinatawag din na mga benepisyong kawalang trabaho, ay isang uri ng insurance na ibinibigay ng estado na nagbibigay ng pera sa mga indibidwal nang lingguhan kapag nawalan sila ng trabaho na hindi nila kasalanan.
Kompensasyon sa Manggagawa (Worker's Compensation)	Ang workers' compensation insurance ay nagbibigay ng mga benepisyong medikal at sa kinikita sa mga taong nasaktan o namumuhay na may sakit dahil sa trabaho.
Mga subsidiya sa pabahay (Housing subsidies)	Ang mga subsidiya sa pabahay, na kilala ring housing choice vouchers, ay tumutulong sa mga pamilya na namumuhay sa napakaliit na kinikita, mga senior, at mga taong namumuhay na may kapansanan para makaya ang isang disente, ligtas, at malinis na pabahay.
Tulong sa Beterano (Veteran's Assistance)	Ang mga benepisyong Veteran's Assistance ay tumutulong sa mga Beterano at kanilang mga pamilya na makabili ng mga bahay, magkamit ng mga degree, mag-umpisa sa mga karera, manatiling malusog, at mas marami pa.
Programang Dagdag Pagkain sa Commodity (Commodity Supplemental Food Program)	Ang Commodity Supplemental Food Program (CSFP) ay nagsisikap na pagbutihin ang kalusugan ng mga taong may mababang kita na hindi bababa sa 60 na taong gulang sa pamamagitan ng pagdaragdag sa kanilang diyeta ng masustansiyang Mga Pagkain ng USDA.

Hnihiling namin sa ibang mga programa ng pamahalaan na tulungan kaming maunawaan kung sino ang maaaring kwalipikado para sa partikular na mga programa at tumulong na magbigay ng access sa mga resource na iyon kung maaari.